


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan-Modyul 44:
Katapatan sa Salita at Gawa



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 44: Katapatan sa Salita at Gawa
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

| | |
|----------------------|--|
| Manunulat: | Maryjane C. Cortes, Marc Jan M. Maturan, Sidlia M. Lecciones |
| Editor: | Mark Lorenz C. Luib, Michael C. Paso |
| Tagasuri: | Elizabeth M. Ysulan, Alejandro M. Saclolo, Jr., Liberty B. Vertudazo, Judith E. Ecoben, Jezzine F. Salar, Rashiel Joy F. Lepaopao, Megie M. Lillo at John Rey C. Clarion |
| Tagaguhit: | Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat |
| Tagalapat: | Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib, Bernie R. Pamplona |
| Tagapamahala: | Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina |

Inilimbag sa: _____

Department of Education - Caraga Region

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600

Telefax No.: (085) 342-5969

Email Address: caraga@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikaapat na Markahan-Modyul 44:
Katapatan sa Salita at Gawa**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Nakaharap ka na ba ng taong hindi matapat? Sa salita man o sa gawa? Marahil marami sa atin ang hindi matapat at kayang lumabag sa mga batas na inilimbag ng nakatataas sa atin, ngunit pakatandaan na bilang mabuting mamamayan ay may pananagutan tayo sa ating mga kilos at salita. Sabi nga “Ang pag-sasama ng tapat ay pag-sasama ng maluwat”, mula dito ay nakabubuo tayo ng isang magandang komunidad at pagkatao.

Sa araling ito, malalaman mo ang mga angkop na kilos na dapat ay taglayin ng bawat isa. Maisasabuhay at maisasagawa ang mga kilos na nagtataglay ng katapatan sa salita at sa gawa.

Sa modyul na ito matututunan mo ang mga kilos sa pakikipagkapwa tao ng may katapatan:

- a. Naisasagawa ang mga angkop na kilos sa pagsasabuhay ng katapatan sa salita at gawa (EsP8PB-IIIh-12.4)



Subukin

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ito ay maituturing na labis na makapangyarihan ng tao.
 - A. Katapatan
 - B. Pakikitungo
 - C. Salita ng tao
 - D. Pakikipagkaibigan
2. Si Nina ay may takdang aralin na ginawa, pinagpuyatan niya ito para masumiti kinabukasan. Ginawa siyang huwaran ng kanyang mga kaklase dahil siya lamang ang nag-iisang nakagawa ng proyektong iyon at naibigay niya ito sa tamang oras. Anong angkop na kilos sa katapatan ang ipinakita ni Nina?
 - A. Katapatan sa paggawa
 - B. Paggawa ng tama para sa kapwa
 - C. Paggawa ng may pagmamahal sa trabaho
 - D. Paggawa na naaayon sa oras at panahaon
3. Isang araw namasada si Mang Ben, nang siya ay pauwi na ay may napansin siyang isang bag sa upunan ng kanyang sasakyan. Ibinigay niya ito sa isang pulis na kanyang nadaanan. Anong katapatan ang ipinakita ni Mang Ben?
 - A. Katapatan sa gawa
 - B. Katapatan sa salita
 - C. Katapatan sa paggawa
 - D. Katapatan sa pangangasiwa
4. Kumpletuhin ang pahayag, “Ang pagsasabi ng _____ ay pagsasama ng maluwat”.
 - A. buo
 - B. saya
 - C. tapat
 - D. katahimikan
5. Anong angkop na kilos ng Katapatan sa gawa ang maagang pumasok sa paaralan o trabaho?
 - A. Paggawa ng tama para sa kapwa
 - B. Paggawa na may pagmamahal sa trabaho
 - C. Paggawa na naaayon sa oras at panahon
 - D. Pagsasabi ng totoo sa kapwa para sa sariling kapakanan

6. Malungkot na umuwi si Jhylliane galing sa paaralan sapagkat mababang marka ang kanyang nakuha sa pagsusulit. Hindi ito lingid ng kanyang ina kaya tinanong nito ang anak. Sinabi naman ni Jhylliane ang dahilan ng kanyang kalungkutan. Anong angkop na kilos ng katapatan sa salita ang ipinakita ni Jhylliane?
- Mataas na paggalang sa nakatatanda
 - Pagsasabi ng totoo para maiwasan ang pagkalito
 - Pagsasabi ng totoo para makatulong sa ibang tao.
 - Pagsasabi ng totoo sa kapwa para sa sariling kapakanan.
7. Ito ay halimbawa ng pagsasabi ng totoo sa kapwa para sa sariling kapakanan.
- Pagsunod sa mga utos ng magulang
 - Pagbabahagi ng sariling problema sa pamilya at kaibigan.
 - Maayos na paglilinaw sa maling impormasyon na naibigay
 - Pagbibigay impormasyon sa isang tao o dayuhan na nagtatanong.
8. Ito ay maibibigay mo sa isang tao na tiyak masusuklian ka ng may kabuluhan.
- Kaibigan
 - Katapatan
 - Pagkatao
 - Kayamanan
9. Nangako si Lenie na hindi ipagsasabi ang lihim ng kanyang kaibigan. Anong katapatan ang ipinakita ni Lenie?
- Katapatan sa gawa
 - Katapatan sa salita
 - Katapatan sa paggawa
 - Katapatan sa pangangasiwa
10. Isa sa mga basehan ang _____ ng tao upang mas makilala ang tunay na ugali nito.
- Salita
 - Wangis
 - Kilos o Gawi
 - Pagpapahayag
11. Anong angkop na kilos ng katapatan sa salita ang pagbabahagi ng sariling problema sa pamilya at kaibigan?
- Mataas na paggalang sa nakatatanda.
 - Pagsasabi ng totoo para makatulong sa ibang tao.
 - Pagsasabi ng totoo para maiwasan ang pagkalito.
 - Pagsasabi ng totoo sa kapwa para sa sariling kapakanan.
12. Kung ang tao ay may mataas na paggalang sa nakatatanda, ano ang maaring bunga nito?
- Hindi magkakaintidihan.
 - Takot itong magsinungaling.
 - Anumang kabutihan na iyung naibigay sa kapwa ay magbubunga rin ito ng kabutihan sa 'yo.
 - Sa mga magulang nagsisimula ang mabuting edukasyon kung paano hinubog ng mabuti ang mabuting asal ng mga anak.

13. Inutusan na bumili ng prutas ang magkapatid na Ben at Dan ng kanilang ina. Dali-dali na tumungo ang dalawang magkapatid sa tindahan ng mga prutas upang mamili. Nang sinuklian na ang magkapatid ay napansin ng dalawa na sobra ang sukling ibinigay. Agad naman nila itong ibinalik sa may-ari. Anong katapatan ang kanilang ipinakita?
- A. Katapatan sa gawa
 - B. Katapatan sa salita
 - C. Katapatan sa paggawa
 - D. Katapatan sa pangangasiwa
14. Anong angkop na kilos ng katapatan sa salita ang pagsunod sa utos ng magulang?
- A. Mataas na paggalang sa nakatatanda.
 - B. Pagsasabi ng totoo para makatulong sa ibang tao.
 - C. Pagsasabi ng totoo para maiwasan ang pagkalito
 - D. Pagsasabi ng totoo sa kapwa para sa sariling kapakanan
15. Anong angkop na kilos ng katapatan sa salita ang pagbibigay impormasyon sa isang tao o dayuhan na nagtatanong ?
- A. Mataas na paggalang sa nakatatanda
 - B. Pagsasabi ng totoo para makatulong sa ibang tao
 - C. Pagsasabi ng totoo para maiwasan ang pagkalito
 - D. Pagsasabi ng totoo sa kapwa para sa sariling kapakanan

Aralin**1****Iwasan: Paglabag sa Paggalang**

“Ang respeto ng tao ay hindi hinihingi o binabayaran, nakukuha mo ito kung taglay ay katapatan”

- Anonymous

**Balikan****Gawain 1: Nakaraan, Babalikan!**

Panuto: Basahin at unawain ang mga pahayag at lagyan ng “√” kung sa tingin mo ay nagpapakita ito ng katapatan at “X” naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Pahayag | Nagpapakita ng katapatan | Hindi nagpapakita ng katapatan |
|--|---------------------------------|---------------------------------------|
| 1. Isinauli ni Aira sa may-ari ang perang napulot sa kalsada. | | |
| 2. Nagbigay ng impormasyon sa taong nagtatanong ngunit hindi kompleto. | | |
| 3. Sinabi sa ina ang dahilan ng away nilang magkakapatid. | | |
| 4. Ipinasa sa guro ang proyekto kahit hindi ikaw ang nagmamay-ari. | | |
| 5. Ibinalik ang sukli sa ama ngunit kulang na ito. | | |



Tuklasin

Gawain 2: Paliwanag Ko!

Panuto: Sagutan ang bawat tanong batay sa sumusunod na mga tagpo. Magbigay ng pansariling pananaw at hinuha sa bawat aytem. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Naikuwento ng magkapatid na sina Jessa at Alvin sa kanilang mga kaibigan ang naging bakasyon nila sa Palawan. Labis na saya ang mababakas sa kanilang mukha habang ibinabahagi ito gamit ang iba't-ibang mga larawang nakuha. Ayon kay Jessa, gusto niyang balikan ang lugar na iyon at magbakasyon ulit doon sapagkat napakaganda talaga nito.

1. Naniniwala ka bang nagsasabi ng totoo ang magkapatid na Jessa at Alvin? Bakit?

Nagbahagi ng kuwento si Jasper sa kanyang mga kaklase patungkol sa kanilang silid-aralan. Alam niya na hindi naman ito totoo. Gusto niya lamang na takutin ang mga ito, at makita ang reaksiyon sa kanilang mga mukha. Nang matapos na niya ang nakakatakot na kwento ay sinabi niya sa mga ito na gawa-gawa niya lamang iyon.

2. Kung isa ka sa mga kaklase ni Jasper, ano ang magiging reaksiyon mo nang nalaman mo na ito ay gawa-gawa lang niya? Bakit?

Inutusan ni Aling Marta ang anak na si Allan para bumili ng ulam sa karinderya. Pinili ni Allan na bilhin ang paboritong pansit ng kanyang ina. Nang abutin niya ang sukli ay napansin niya na sobra ito. Napaisip siya kung magkano kaya ang halaga ng pansit na kanyang nabili. Nang malaman niya na sobra ang sukli na kanyang natanggap ay agad niya itong ibinalik sa may-ari at nagpaalam.

3. Kung ikaw si Allan, gagawin mo rin ba ang kanyang ginawa? Bakit?

Mabilis na naglalakad si Pedro papunta sa kaniyang eskwelehan dahil unang araw ng kanilang pagsusulit at iniwasan niyang mahuli sa klase. Halos liparin na niya ang kalsada sa kaniyang pagmamadali nang mapansin niyang malakas ang tagas ng tubig na nanggagaling sa tubo ng kalye. Kahit alam niyang mahuhuli na siya sa klase kung papansinin nya ito, minabuti nyang dumaan muna sa munisipyo para ipagbigay alam ito sa mga awtoridad.

4. Kung ikaw ang nasa katayuan ni Pedro, gagawin mo rin ba ito? Bakit?



Suriin

Gaano ba talaga kahalaga ang pagiging matapat? At ano ang kailangan mong gawin upang maging matapat sa mga taong nakapaligid sa iyo? “Honesty is the best Policy”, ito ay isang kasabihang karaniwang makikita sa mga paaralan at mga institusyon nagpapahayag ng katapatan. Kalimitan ay turo rin ito ng mga magulang upang maimulat ang anak sa kahalagahan ng pagsasabi ng totoo sa kapwa, sa salita man o sa gawa.

Katapatan, ito ang maibibigay mo sa isang tao na tiyak ika’y susuklian ng may kabuluhan. Ang taong matapat ay may paninindigan sa sarili at sa lipunan na kanyang ginagalawan. Naghahatid ito ng kabutihan sa kanyang kapwa at saya sa sinumang kanyang maka daop-palad.

Kailan mo masasabing nagsisinungaling ang isang tao? Hindi mabuti ang kaniyang kilos o gawi? Masasabi mo ba sa isang tao na mali ang kaniyang nagawang hakbang? Kung babalikan ang iba’t-ibang tagpo sa **tuklasin** na iyong sinagutan, masasabi mo kaya sa iyong sarili na minsan mo na rin itong nagawa? Ang katapatan sa salita at gawa ang pinakamahal na regalo na puwede mong maibahagi na hindi kinakailangang gagastos ng pera o anumang yaman sa mundo. Nasasaad sa banal na kasulatan at pinaaalalahanan ang bawat isa na huwag magsinungaling sa kapwa at pawang kabutihan lamang ang gagawin upang ika’y kalulugdan ng Maykapal. Mahalaga na matutunan ng mga kabataan ngayon at sa susunod pa na henerasyon ang mga angkop na kilos ng katapatan sa salita at gawa.

Katapatan sa Salita

Ang salita ng tao ay labis na makapangyarihan, may dalawa itong dala, ito ay nakabubuti o nakasasama. Nakabubuti ito sa pamamaraan na dito nagkakaintidihan ang lahat, may komunikasyon na basihan upang maunawaan ang isa’t-isa, at nagiging matibay ang pagmamahal ng pamilya, kaibigan, at mga tao sa lipunan. Halimbawa, maayos kang nagpaalam sa iyong ina na gagabihin ka ng uwi dahil may tinatapos ka pang proyekto kasama ang iyong matalik na kaibigan at kaklase. Ngunit hindi maipagkakaila na sa salita rin nagsisimula ang kaguluhan at pagkalito kapag hindi ito nagamit o ginamit ng wasto. Halimbawa, nakapagsabi ka ng masasakit na salita laban sa iyong kapwa dahil sa galit. Dapat tandaan na ang katapatan sa salita ay nagdudulot ng kaayusan at katahimikan ng bawat nilalang.

Mga angkop na kilos ng Katapatan sa Salita

A. Mataas na paggalang sa nakatatanda.

Pagsunod sa mga utos ng magulang

Sa mga magulang nagsimula ang mabuting edukasyon kung paano hinubog ng mabuti ang mabuting asal ng mga anak. Halimbawa, sa pangatlong tagpo na inutusan ni Aling Marta ang anak na si Allan, masasabi na ang bata ay may paggalang dahil agad itong tumugon sa pinag-uutos ng kanyang ina. Kung ang tao ay may mataas na paggalang sa nakatatanda hindi ito mag-aatubiling sumunod kaagad.

B. Pagsasabi ng totoo para makatulong sa ibang tao.

Pagbibigay impormasyon sa isang tao o dayuhan na nagtatanong.

Masarap sa pakiramdam kung nakatulong ka sa kapwa. Halimbawa, mayroong biyahero na nagtatanong kay Ryan tungkol sa tamang direksiyon. Ang ginawa ni Ryan ay ibinigay niya ang tamang impormasyon. Nang nagkitang muli ang dalawa, ay lubos ang pasasalamat ng dayuhan kay Ryan at hinandugan pa ito ng gantimpala bilang pasasalamat. Anumang kabutihan na iyung naibigay sa kapwa ay kabutihan rin ang ibubunga nito.

C. Pagsasabi ng totoo para maiwasan ang pagkalito

Maayos na paglilinaw sa maling impormasyon na naibigay (*fake news*)

Isa sa mga rason ng kaguluhan ang hindi pagkakaintindihan, lalo na kapag iba-iba ang bersyon na naririnig, kaya naman ito'y nagdudulot ng hindi magandang bunga sa bawat isa. Napakahalaga ang pagsasabi ng totoo para maging maayos ang mga sigalot na dulot ng isang maling impormasyon. Katulad ng mga balita na nababasa sa *social media*, ilan dito ay hindi totoo at nakapagdulot ng kalituhan sa mga mambabasa.

D. Pagsasabi ng totoo sa kapwa para sa sariling kapakanan.

Pagbabahagi ng sariling problema sa pamilya at kaibigan

Ayon sa kasabihang, "*No man is an island*", nagpapatunay ito na kailangan ng tao ng kasama upang mabuhay ng may kabuluhan. Alam ng tao na hindi niya makakaya ang lahat ng bagay maging ang sariling problema nito. Minsan hindi natin alam ang tama at mabuting solusyon, kaya mainam na may mapagsabihan ka ng iyong nararamdaman upang makahingi ng payo at tulong sa iba.

Katapatan sa Gawa

Isa sa mga basehan ang kilos o gawi ng tao upang mas makilala ang tunay na ugali nito. Ayon nga sa kasabihan, "*action speaks louder than words*", nagpapatunay lang ito na dito rin nasusukat ang pagkatao ng isang indibidwal.

Minsan nalilimutan natin na ang kilos din ang basihan ng tao kung ito ay nagsasabi ng totoo. Karaniwang batayan ay sa pananalita lamang, ngunit huwag din kalimutan na ang gawi o kilos ng tao ay sumasalamin rin sa tunay na pagkatao nito.

Halimbawa, ang isang mag-aaral na nag-aaral sa malayong lugar, at lagi nitong ipinagmamalaki sa kanyang mga magulang na siya ay masipag at hindi nagpapabaya sa kanyang pag-aaral. Nang dumating na ang pagtatapos, ang mag-aaral na ito ay nakakuha ng pinaka mataas na parangal sa kolehiyo.

Sa madaling salita, hindi nasusukat ang katapatan ng isang tao sa salita lamang kundi maging sa gawa.

Mga angkop na kilos ng Katapatan sa gawa

1. Paggawa na naaayon sa oras at panahon

*Maagang pumasok sa paaralan o trabaho.

Bilang mag-aaral, malalaman ng guro na ang bata ay seryoso at tapat na nag-aaral ng mabuti sa pamamagitan ng pagsunod sa tamang oras ng pagpasok, pagsumita ng mga gawain sa aralin at pagsunod sa utos ng guro. Gayun din sa trabaho ng tao, kinakailangan na maiiwasan ang salitang “*late*” sa pinapasukan nito.

2. Paggawa na may pagmamahal sa trabaho

*Paglalaan ng tamang oras para sa maayos na kalidad ng serbisyo at trabaho

Kapag mayroong pagpapahalaga ang isang tao sa trabaho o proyekto ay maglalaan ito ng tamang oras ayon sa kinakailangang serbisyo. Halimbawa, ang isang manggagawa ay kailangang magtrabaho ng walong oras bawat araw. Kung ang manggagawa ay kulang ng oras sa kanyang ibinigay na serbisyo masasabi na walang katapatan ito sa trabaho. Matapat ang tao sa trabaho dahil mahal niya ito.

*Hindi magnanakaw sa kaban ng bayan

Sa panahon ngayon, marahil naririnig mo ang salitang “*corruption* o katiwalian”, ito ang isa sa lumalalang problema ng Pilipinas. Lingid sa kaalaman ng iba na may mga nanunungkulan na panay ang nakaw sa pera na nagmula sa buwis ng mga mamamayan. Bilang isang politiko, dapat ang pamamahala sa isang lugar o bansa ay naayon sa batas, inuuna nito ang kapakanan ng mga tao kaysa sa pansariling interes. Halimbawa, sa kasalukuyan, si Presidente Rodrigo Roa Duterte ay maituturing na huwaran, dahil siya ay galit sa mga taong kurap sa kaban ng bayan. Kahit sa mga indibidwal na hindi nagsasabi ng totoo sa gobyerno palagi niya itong pinaaalalahanan na, “huwag ninyo akong subukan”, kung iyong iisipin, ito ang lider na hindi niya gustong pagnakawan ang sinuman.

3. Paggawa ng tama para sa kapwa

*Pagsasauli sa bagay na napulot sa tunay na nagmamay-ari

Bilang mag-aaral, nakapulot ka na ba ng gamit ng iyong kaklase? Ano ang ginawa mo? Mahalaga na matututunan ang maging tapat sa kapwa para ikaw ay pagkakatiwalaan. Ang pagsasauli ng bagay na nawala ng isang tao ay isang kadakilaan. Kung iyong napapanood sa mga balita sa telebisyon o narinig sa radyo, maraming mga taong naging halimbawa sa katapatan, katulad na lang ng mga balitang may nagsauli ng mga naiwang gamit sa kanilang sasakyan habang namamasada. May taksi drayber, security guard o janitor sa mga pribado at pampublikong institusyon na naging tapat. Nagsauli sila ng pera, pitaka o mga mahahalagang dokumento na kanilang napupulot sa lugar ng kanilang pinagtatrabuhan.


Paano ba matutukoy na ang tao ay nagsisinungaling? Minsan kahit alam na natin ang katotohanan, pinili pa rin natin na manahimik at umiwas, sa ganitong paraan alam mo sa sarili mo na wala sa'yo ang katapatan.

Laging tandaan, ang pagsisinungaling ay hindi makabubuti sa tao at ito ay nagdudulot ng hindi maganda sa sarili at sa kapwa. Mahirap makuha ang tiwala at respeto ng tao, ngunit kapag ikaw ay matapat tiyak na ika'y gagalangin.

Hindi hawak ng tao ang panahon, pero hawak mo ang pagkakataon na mapapasaiyo ang tiwala upang mapagtibay ang relasyon mo sa tao at lipunan. Dahil sa katapan na taglay sa tao, sa salita at gawa, magbubunga ito ng mga sumusunod;

Bunga ng pagiging matapat.

1. Tataas ang moral ng tao, at nirerespeto sa lipunan.
2. Pinagkakatiwalaan sa lahat ng pagkakataon, sa kilos at pananalita.
3. Kinagigiliwan at malapit sa tao.
4. Modelo at tinutularan.



Pagyamanin


Gawain 3: Karanasan Ko, Ibahagi Ko!

Panuto: Magbahagi ng pansariling karanasan ukol sa katapatan.

| Katapatang naisabuhay | Sitwasyon na naranasan | Paraan ng pagsasagawa |
|------------------------------|-------------------------------|------------------------------|
| Sa Salita | 1. 2. 3. 4. 5. | |
| Sa Gawa | 1. 2. 3. 4. 5. | |


Gawain 4: Kilos Ko, Ibibigay Ko!

Panuto: Iguhit ang Graphic Organizer sa ibaba sa sagutang papel at ibigay ang hinihinging kasagutan. Isulat ang sagot sa bilog.



Gawain 5: Suri-Larawan!

Panuto: Basahin ang komik strip at sagutin ang graphic organizer. Isulat ang sagot sa sagutang papel.






Isaisip

Gawain 6: Word Puzzle!

Panuto: Bilang bahagi ng pagbubuod ng talakayan, kumpletuhin ang word puzzle na nakalimbag sa ibaba.



1. Ito ay maibibigay mo sa tao ng buong puso na hindi kinakailangang gumamit ng pera o anumang yaman.
2. Ang _____ ng tao ay labis na makapangyarihan.
3. Ito ay basehan ng tao upang mas makilala ang tunay na ugali nito.
4. Saan nagsisimula ang mabuting edukasyon?
5. Kumpletuhin ang pahayag, “Ang pasasabi ng _____ ay pagsasama ng maluwat”.



Isagawa

Gawain 7: Ugali Ko, Payayabungin Ko!

Panuto: Gumawa ng pansariling listahan ng mga angkop na kilos ng pagsasabuhay ng katapatan sa salita at gawa na kinakailangan mo pang palaguin.

| KATAPATAN | |
|--|--|
| Sa Salita 1. 2. 3. 4. 5. | Sa Gawa 1. 2. 3. 4. 5. |
| Kailangang Palaguin 1. 2. 3. 4. 5. | Kailangang Palaguin 1. 2. 3. 4. 5. |



Tayahin

Maraming Pagpipilian.

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Anong angkop na kilos ng Katapatan sa gawa ang maagang pumasok sa paaralan o trabaho?
 - A. Paggawa ng tama para sa kapwa
 - B. Paggawa na may pagmamahal sa trabaho
 - C. Paggawa na naaayon sa oras at panahon
 - D. Pagsasabi ng totoo sa kapwa para sa sariling kapakanan
2. Kung ang tao ay may mataas na paggalang sa nakatatanda, ano ang maaring bunga nito?
 - A. Hindi magkakaintidihan
 - B. Takot itong magsinungaling
 - C. Anumang kabutihan na iyung naibigay sa kapwa ay magbubunga rin ito ng kabutihan sa'yo
 - D. Sa mga magulang nagsimula ang mabuting edukasyon kung paano hinubog ng mabuti ang mabuting asal ng mga anak
3. Nangako si Lenie na hindi ipagsasabi ang lihim ng kanyang kaibigan. Anong katapatan ang ipinakita ni Lenie?
 - A. Katapatan sa gawa
 - B. Katapatan sa salita
 - C. Katapatan sa paggawa
 - D. Katapatan sa pangangasiwa
4. Anong angkop na kilos ng katapatan sa salita ang pagbabahagi ng sariling problema sa pamilya at kaibigan?
 - A. Mataas na paggalang sa nakatatanda
 - B. Pagsasabi ng totoo para makatulong sa ibang tao
 - C. Pagsasabi ng totoo para maiwasan ang pagkalito
 - D. Pagsasabi ng totoo sa kapwa para sa sariling kapakanan
5. Ito ay halimbawa ng pagsasabi ng totoo sa kapwa para sa sariling kapakanan.
 - A. Pagsunod sa mga utos ng magulang
 - B. Pagbabahagi ng sariling problema sa pamilya at kaibigan.
 - C. Pagbibigay impormasyon sa isang tao o dayuhan na nagtatanong.
 - D. Maayos na paglilinaw sa maling impormasyon na naibigay
6. Ito ay maibibigay mo sa isang tao na tiyak masusuklian ka ng may kabuluhan.
 - A. Kaibigan
 - B. Katapatan
 - C. Pagkatao
 - D. Kayamanan

7. Ito ay maituturing na labis na makapangyarihan ng tao.
 - A. Katapatan
 - B. Pakikitungo
 - C. Salita ng tao
 - D. Pakikipagkaibigan

8. Malungkot na umuwi si Jhylliane galing sa paaralan sapagkat mababang marka ang kanyang nakuha sa pagsusulit. Hindi ito lingid ng kanyang ina kaya tinanong nito ang anak. Sinabi naman ni Jhylliane ang dahilan ng kanyang kalungkutan. Anong angkop na kilos ng katapatan sa salita ang ipinakita ni Jhylliane?
 - A. Mataas na paggalang sa nakatatanda
 - B. Pagsasabi ng totoo para maiwasan ang pagkalito
 - C. Pagsasabi ng totoo para makatulong sa ibang tao.
 - D. Pagsasabi ng totoo sa kapwa para sa sariling kapakanan

9. Anong angkop na kilos ng katapatan sa salita ang pagbibigay impormasyon sa isang tao o dayuhan na nagtatanong ?
 - A. Mataas na paggalang sa nakatatanda
 - B. Pagsasabi ng totoo para makatulong sa ibang tao
 - C. Pagsasabi ng totoo para maiwasan ang pagkalito
 - D. Pagsasabi ng totoo sa kapwa para sa sariling kapakanan

10. Si Nina ay may takdang aralin na ginawa, pinagpuyatan niya ito para masumiti kinabukasan. Ginawa siyang huwaran ng kanyang mga kaklase dahil siya lamang ang nag-iisang nakagawa ng proyektong iyon at naibigay niya ito sa tamang oras. Anong angkop na kilos sa katapatan ang ipinakita ni Nina?
 - A. Katapatan sa paggawa
 - B. Paggawa ng tama para sa kapwa
 - C. Paggawa ng may pagmamahal sa trabaho
 - D. Paggawa na naaayon sa oras at panahaon

11. Kumpletuhin ang pahayag, “Ang pagsasabi ng _____ ay pagsasama ng maluwat”.
 - A. buo
 - B. saya
 - C. tapat
 - D. katahimikan

12. Anong angkop na kilos ng katapatan sa salita ang pagsunod sa utos ng magulang?
 - A. Mataas na paggalang sa nakatatanda.
 - B. Pagsasabi ng totoo para makatulong sa ibang tao
 - C. Pagsasabi ng totoo para maiwasan ang pagkalito
 - D. Pagsasabi ng totoo sa kapwa para sa sariling kapakanan

13. Isang araw namasada si Mang Ben, nang siya ay pauwi na ay may napansin siyang isang bag sa upunan ng kanyang sasakyan. Ibinigay niya ito sa isang pulis na kanyang nadaanan. Anong katapatan ang ipinakita ni Mang Ben?
 - A. Katapatan sa gawa
 - B. Katapatan sa salita
 - C. Katapatan sa paggawa
 - D. Katapatan sa pangangasiwa

14. Inutusan na bumili ng prutas ang magkapatid na Ben at Dan ng kanilang ina. Dali-dali na tumungo ang dalawang magkapatid sa tindahan ng mga prutas upang mamili. Nang sinuklian na ang magkapatid ay napansin ng dalawa na sobra ang sukling ibinigay. Agad naman nila itong ibinalik sa may-ari. Anong katapatan ang kanilang ipinakita?
- A. Katapatan sa gawa
 - B. Katapatan sa salita
 - C. Katapatan sa paggawa
 - D. Katapatan sa pangangasiwa
15. Isa sa mga basehan ang _____ ng tao upang mas makilala ang tunay na ugali nito.
- A. Salita
 - B. Wangis
 - C. Kilos o Gawi
 - D. Pagpapahayag



Karagdagang Gawain

Gawain 8: Sulat Repleksyon!

Panuto: Sumulat ng sariling repleksyon tungkol sa natutunang aral sa talakayan.
Gawing Batayan ang pamagat na nasa ibaba. Isulat ito sa isang malinis na papel

“Matapat ako sa Salita at Gawa”

| Krayterya | Higit na inaasahan 5 puntos | Nakamit ang inaasahan 4 puntos | Bahagyang nakamit ang inaasahan 3 puntos | Hindi nakamit ang inaasahan 2 puntos |
|-------------------------------------|--|---|--|---|
| Nilalaman | Komprehensibo ang nilalaman. Wasto ang lahat ng impormasyon | Kompleto ang nilalaman. Wasto ang lahat ng impormasyon | May ilang kakulangan sa nilalaman. May ilang maling impormasyon | Maraming kakulangan sa nilalaman. |
| Organisasyon ng mga kaisipan | Organisado at may malinaw na kaisahan ang daloy ng paglalahad ng kaisipan. | Malinaw at maayos ang paglalahad ng kaisipan. | Hindi masyadong maayos at malinaw ang paglalahad ng kaisipan. | Walang kaayusan ang paglalahad ng kaisipan. |
| Kabuuang Puntos = 10 | | | | |



Susi sa Pagwawasto

| | | |
|---|---|---|
| <p>Subukin</p> <p>1. C 2. D 3. A 4. C 5. B 6. D 7. B 8. B 9. B 10. C 11. D 12. D 13. A 14. A 15. B</p> | <p>Balikin</p> <p>1. ✓ 2. X 3. ✓ 4. X 5. X</p> | <p>Tayahin</p> <p>1. B 2. D 3. A 4. C 5. C 6. D 7. B 8. B 9. B 10. D 11. C 12. A 13. A 14. A 15. D</p> |
| | <p>Isaisip</p> <p>Word Puzzle 1. Katapatan 2. Salita 3. Kilos 4. Magulang 5. Tapat</p> | |

Sanggunian

Anjeli45. 2018. *brainly.ph*. July 1. <https://brainly.ph/question/1203477>.

Bognot, et. al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao*. FEP Printing Corporation.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph